# Gabay para sa mga Empleyado Tungkol sa Mga Pinsala sa Lugar ng Trabaho

## Sundin ang anim na hakbang na prosesong ito kung magkakaroon ng pinsala sa lugar ng trabaho



**Hakbang 1: Humingi ng tulong-medikal**

- Maraming pagkabagsak, hiwa, at sprain ang maaaring maging seryosong pinsala kung hindi magagamot. Siguraduhing kumuha muna ng pangunang lunas sa inyong lugar ng trabaho.



**Hakbang 2: I-ulat ang inyong pinsala o pagkaka-expose sa inyong employer sa lalong madaling panahon**

- Sabihin agad sa inyong employer kung kayo ay nasugatan habang nagtatrabaho o na-diagnose na may karamdamang may kaugnayan sa trabaho.

**Hakbang 3: Mag-file ng workers' compensation claim**

- May tatlong opsyon ang mga manggagawa para mag-file: online, sa telepono, o sa opisina ng inyong health care provider kapag kayo ay unang nagpatingin para sa inyong pinsala o kondisyon na may kaugnayan sa trabaho.



**Hakbang 4: Manatiling nakikipag-ugnayan sa inyong employer**

- Ipaalam sa inyong employer kung ano na ang inyong kalagayan at kung kailan ninyo inaasahang makakabalik sa trabaho.




**Hakbang 5: Makipag-ugnayan sa inyong health care provider**

- Ang maayos na komunikasyon sa pagitan ng inyong health care provider at claim manager ay mahalaga upang maayos na maibigay ang mga benepisyo.

**Hakbang 6: Makipagtulungan nang mabuti sa inyong claim manager**

- Ang inyong claim manager ang magiging responsable sa pagtiyak na matatanggap ninyo ang lahat ng benepisyong karapat-dapat para sa inyo.

Adult Family Home Council OF WASHINGTON STATE
Long-Term Care Foundation of Washington State
PIM SAVVY COMMUNITY OUTREACH
SHIP Grant Program — Safety and Health Investment Projects — Lni.wa.gov/SafetyGrants
Funding and support provided by the Department of Labor & Industries